


TOMO XII - ISYU 1 **ENERO-MARSO 2025**

EDITORYAL

Digmang bayan ang tanging sagot sa terorismo ng rehimeng US-Marcos II sa Mindoro



Ngayon, higit kailanman, kinakailangang itaas ang antas ng digmang bayan sa isla ng Mindoro.

Binuksan ang taong 2025 ng sunod-sunod na mga labanan sa pagitan ng mga berdugong sundalo ng 203rd Infantry Brigade at Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro. Mula Pebrero 11, apat na beses na nakasagupa ng iba't ibang yunit ng BHB Mindoro ang mga nag-ooperasyong yunit ng 4th, 68th at 76th Infantry Batallion (IB) at 15th Scout Ranger Company (SRC) na nasa ilalim ng pamumuno ng 203rd Brigade. Naganap ang mga labanan sa parehong probinsya ng Occidental at Oriental Mindoro at isang linggo na ang pinakamahabang patlang sa pagitan ng mga labanan.

Umiigting ang digmang sibil sa Mindoro resulta ng pananatili ng isla sa pambansang prayoridad ng maruming kontra-rebolusyonaryong gera ng gubyerno ni Ferdinand Marcos Jr. Mula nang ideklara ang isla na "*eye of the storm*" (o mata ng unos) ng kontra-rebolusyonaryong gera ng gubyerno pa nga ni Rodrigo Duterte noong 2021, taun-taong magiting na nakibaka at nagtanggol laban sa terorismo ng reaksyunaryong gubyerno ang masang Mindoreño kasama ng Hukbong Bayan at sa gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas. Bagamat ipinakat sa isla ang mga dagdag tauhan at kagamitang pandigma ng kaaway, bigong bigo pa rin ang gubyerno na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla. Pinatunayan at patuloy na pinatutunayan ng mamamayang Mindoreño na di magagapi ng anumang reaksyon ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka.

Sa bawat buwan at taong lumilipas na nakakapamuno pa rin ang rebolusyonaryong kilusan sa pakikibaka ng mga Mindoreño, sa bawat labanan na nagpapatunay na superyor ang BHB sa prinsipyo, estratehiya't taktika habang ang AFP-PNP-CAFGU ay nakalalamang lang sa bilang, rekurso at pondo, lalong nanggagalaiti ang reaksyunaryong gubyerno sa isla at sa buong bansa. Desperado ngayon ang AFP-PNP na tuparin ang hibang na pangarap ng mga amo nilang panginoong maylupa (PML), malaking burgesya kumprador (MBK), burukrata kapitalista't imperyalismong US na madurog ang rebolusyon sa



Mindoro. Ang desperasyong ito ang ugat ng sumasahol na terorismo ng estado sa isla ng Mindoro pati na rin ang pinakahuling mga programa, operasyon at hakbangin ng 203rd Brigade.

Matatandaang noong Nobyembre 2024, inilipat ang 1st IB ng AFP sa isla matapos ang sunod-sunod na labanan noong buwan ding iyon sa mga bayan ng Bansud at Socorro sa Oriental at San Jose sa Occidental. Kabilang din sa pagbabago sa loob ng 203rd Brigade, ang pagsipa kay Randolph Cabangbang mula sa pagiging punong kumander ng brigada.

Pagkatapos naman ng labanan sa Brgy. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro (OrMin) nitong Pebrero 11, napag-alaman sa Facebook post ng AFP na may nakasanib na mga tropa ng 15th SRC sa yunit ng 4th IB na naglunsad ng *strike operation* laban sa BHB. Sa tindi naman ng galit ng AFP matapos matalo sa labanan sa Brgy. Tagumpay, Pola, OrMin noong Pebrero 19, inistraping mula sa himpapawid ang Brgy. Tagumpay at isinagad ang paghaharing militar nang ideklara ang *red alert status* sa mga barangay at sityo ng Tagbakin, Matula-tula, Calabasanhon at Pahilahan. Singlupit din ang ginawa ng AFP sa mga residente ng Brgy. Panaytayan, Mansalay mula Marso 1. Sapilitang pinalikas ang mga residente ng pitong sityo matapos paulanan ng AFP ng bala at bomba ang Sityo Lomboy at karatig na mga lugar. Biktima ang higit 325 pamilya na aabot sa higit isang libong indibidwal—karamihan ay katutubong Mangyan—sa teroristang aksyong ito ng AFP.

Tunay na mga mersenaryo ang mga sundalo at pulis ng 203rd Brigade at PNP MIMAROPA. Masugid na tinataguyod ng mga armadong pwersa ng estado ang interes ng mga mapagsamantalang uri kapalit ng suweldo at promosyon. Lansakang nilalabag ng AFP-PNP ang karapatang tao ng masang Mindoreño upang kundisyunin silang maging kimi, takot at palasuko sa ginagawang karahasan laban sa mga sibilyan ng reaksyunaryong gubyerno at upang bulag na tanggapin ang mga dambuhalang negosyo. Tingnan na lamang ang pag-militarisa sa komunidad ng mga magsasakang nagtatanggol sa kanilang lupa sa Guinobatan, Calapan City, OrMin. Sa tabing ng RCSP Operations, nililinlang at tinatakot ng AFP ang mga nakikibakang magsasaka na isuko na ang kanilang lupang sakahan sa pangangamkam ng panginoong maylupa.

Ngunit hindi kinakailangang maging bahagi ng anumang pakikibakang masa para maging biktima ng kahayupan ng AFP-PNP. Sapat na upang maging biktima ng estado ang simpleng pagtira o paghahanapbuhay sa isang lugar kung saan may likas na yamang pinaglalawayan ng mga naghaharing uri. Halimbawa na nito ang pagpaslang sa kabataang Mangyan na si Jay-el Maligday noong Abril 2024 sa Brgy. San Roque, Bulalacao, OrMin. Ang pagpatay kay Maligday at patuloy na pananakot ng AFP sa kanyang pamilya ay bahagi ng taktikang saywar ng mga ito sa mamamayan ng Bulalacao kung saan pilit na nanghihimasok ang mga proyekto at negosyong mina, *renewable energy* at ekoturismo. Tampok na kasso rin ang pagkampo ng mga sundalo sa mga pamayanang malapit sa ilog ng Kayakyan at Busuanga sa mga bayan ng Rizal at San Jose sa Occidental upang magsilbing asong bantay ng itinatayong dam ng gubyerno.

Hayok na hayok ang rehimeng US-Marcos II na durugin ang anumang pakikibaka ng masa upang maideklarang "Conflict Manageable and Ready for Development" o "insurgency free" ang iba't ibang bayan ng Mindoro upang akitin ang pamumuhunan ng mga PML-MBK at mga dayuhan. Ang terorismo ng estado ay, sa kahuli-hulihan, para sa pandarambong ng mga dayuhan sa likas na kayamanan at lalong pagpapayaman ng iilang mga naghaharing uri kapalit ng pagdurusa ng milyong anakpawis.

Sa pag-igting ng batas militar sa Mindoro marapat at kinakailangang itanghal ang digmang bayan bilang makatarungan at pinaka-epektibong paraan ng paglaban ng masa sa terorismo ng estado. Nararapat na mahigpit na isakatuparan ang pagsusulong ng armadong pakikibaka at pagpapalakas ng BHB upang kamtin ang mga tagumpay sa pakikibaka sa lupa at itayo't konsolidahin ang Pulang kapangyarihang pampulitika sa mga larangang gerilya. Sa pagsulong ng armadong pakikibaka, mabibigyan ng katarungan ang mamamayang biktima ng terorismo ng estado. Habang pinapaalingawngaw ang pagiging makatarungan ng digmang bayan, dapat puspusang ilantad ang mga paglabag ng AFP-PNP sa karapatang tao ng mga Mindoreño at sa mga internasyunal na batas hinggil sa digma. Kabilang dito ang panlilinlang, pamimilit, at pananakot sa mga sibilyan na maggiya sa operasyong kombat, walang patumanggang

NILALAMAN



Editoryal	1
Sunod-sunod na aktibong depensa	3
Bilyong piso, planong waldasin ng AFP	4
Magsasaka ng sibuyas, nilulugmok ng importasyon	4
Mga pampulitikang dinastiya sa Mindoro	5
Mapandambong at mapangwasak na negosyo...	6
Bantay Karapatan	8
Mga Kwento ni Ka Madaay	9
Komiks	12
Kultura	13

pamamaril at pambobomba mula sa ere at lupa, sapilitang pagpapalikas at iba pa na pare-parehong ginawa ng kaaway sa loob lamang ng isang buwan.

Dapat na singilin si Marcos Jr. at kanyang gubyerno sa pagiging sagad-sagaring mga terorista. Dapat ding ilantad ang papel ng US sa paggiya, pag-aarmas at pagpopondo sa kontra-rebolusyonaryong digmang bumibiktima sa pagpopondo sa kontra-rebolusyonaryong digmang bumibiktima sa mamamayan. Kasabay nito ang paglalantad sa pang-ekonomyang interes ng US at mga lokal na naghaharing uri na siyang tunay na nag-uudyok sa teroristang karahasan laban sa mamamayan.

Upang epektibong masalag ang mga atake sa mga Mindoreño, kailangang mabuklod ang pinakamarami para sa pagtatanggol ng karapatang tao. Dapat maging bahagi nito ang mga panggitnang pwersa kabilang ang mga taong simbahan, progresibong pulitiko, mga propesyunal at lahat ng naninindigan para sa karapatan at katarungan.

Pundasyon at layunin ng lahat ng pagsisikap na ito ang paglaki at pagdami ng mga organisasyon ng mga batayan at demokratikong uri't sektor—laluna ng mga magsasaka, katutubo, kabataan at kababaihan sa Mindoro. Dapat pagkaisahin at pakilusin ang mamamayang Mindoreño para sa tunay at pangmatagalang solusyon sa digmang sibil sa bansa—ang demokratikong rebolusyong bayan sa anyo ng matagalang digmang bayan.

BALITANG TO

Teroristang AFP, binigo ng aktibong pag-depensa ng BHB sa sunod-sunod na mga labanan

Matagumpay na binigo ng mga Pulang kumander at mandirigma ng Lucio de Guzman Command (LDGC)-BHB Mindoro ang umaatakeng mga yunit ng 203rd Infantry Brigade, kabilang ang mga tropa ng 15th Scout Ranger Company (SRC) na bagong pakat sa Mindoro, sa magkakasunod na mga labanan noong Pebrero.

Naganap ang unang labanan sa pagitan ng BHB at isang yunit ng 68th Infantry Batallion (IB) bandang alas-6 ng umaga ng Pebrero 11 sa Sityo Kalinisan, Brgy. Bayotbot, San Jose, Occidental. Sa aktibong pag-depensa ng BHB, dalawa ang kumpirmadong patay sa mga sundalo. Halos kasabay nito, noong alas-7 ng umaga sa So. Tignuan, Brgy. Teresita, Mansalay, Oriental, aktibong nag-depensa rin ang isa pang yunit ng BHB laban sa pinagsamang pwersa ng 4th IB at 15th SRC. Dalawang sundalo ang patay sa labanan.


Noong Pebrero 15, muling binigo ng isa pang yunit ng BHB ang operasyon ng 4th IB sa So. Brgy. Budburan, Mansalay sa pamamagitan ng aktibong pag-depensa laban sa mga teroristang sundalo. Siyam ang sugatan at dalawa ang patay sa hanay ng militar. Kabilang sa kaswalti ng kaaway ang isang *platoon CO* ng 4th IB.

Aktibo ding dumepensa ang isa pang yunit ng BHB laban sa mga pasistang sundalo ng 76th IB noong Pebrero 19. Naganap ang labanan sa So. Bakyaan Upper, Brgy. Tagumpay, Pola, Oriental. Isang sundalo ang patay sa nasabing labanan.

Habang nagtamo ng di bababa sa pitong patay at siyam na sugatan ang umaatakeng yunit ng AFP, ligtas na nakaatras ang mga napalabang yunit ng BHB na wala ni isang kaswalti sa lahat ng labanan.

Pinagpugayan ng LDGC at Melito Glor Command (MGC)-BHB Timog Katagalugan ang magiting na pagharap sa kaaway ng mga Pulang kumander at mandirigma sa isla ng Mindoro. Ani Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng BHB Mindoro, sa kanyang pahayag noong Pebrero 11, patunay ang sunod-sunod na aktibong pagtatanggol na may "mataas na diwa at kapasidad na lumaban" ang BHB Mindoro.

Bilang panapos sa kanyang pahayag, hinimok ni Ka Madaay ang BHB Mindoro na gawing inspirasyon ang "katiyakan at pangangailangan na [...] maipagtagumpay ang rebolusyon [...] di lamang upang paulit-ulit na harapin ang kaaway kundi upang seryosong tupdin ang ating mga tungkulin sa pagwawasto at muling pagpapalakas ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka."



Ipinagpatuloy sa susunod na pahina...

BALITA

Bilyon-bilyong piso, planong waldasin ng AFP sa mga submarine

Sa ikatlong yugto ng AFP Modernization Program na ipinapatupad nang may mahigpit na koordinasyon sa US, minumungkahi ngayon ng AFP ang pagbili ng mga *submarine* upang palakasin ang kakayahan ng Pilipinas sa pakikidigma sa karagatan.

Ayon kay AFP Chief Gen. Romeo Brawner Jr., kasama sa kanilang "*wishlist*" ang pagbili ng *diesel-electric submarines* sa huling bahagi ng modernisasyon. Ilang bansa na ang nag-alok ng kanilang *submarine* sa Pilipinas, kabilang ang France, South Korea at Spain. Ang mga *submarine models* na inilalako sa Pilipinas ay may *anti-ship* at *anti-submarine capabilities* dahil sa kakayahan nitong umatake gamit ang mga misayl at *torpedo*. Tinatayang aabot sa ₱70 bilyon hanggang ₱100 bilyon (humigit-kumulang $1.2 bilyon hanggang $1.8 bilyon) ang halaga ng mga submarine na nais bilhin ng AFP. Bukod pa rito ang gastos para sa imprastruktura, pagsasanay ng mga tauhan sa paggamit ng *submarine* at ang pangangalaga sa mga ito.

Ang AFP Modernization Program ay nagwaldas na ng daan-daang bilyong piso mula nang ipatupad ito noong 2013. Ngayong 2025, panibagong ₱35 bilyon na ang nagastos sa kabuuang ₱70 bilyong pisong badyet para sa Rehorizon 3 ng AFP Modernization.

Isa sa mga posibleng lokasyon para sa base ng *submarine* ay ang isla ng Mindoro. Estratehikong naka-pusisyon ang Mindoro sa Lubang Strait na isang mahalagang daan patungong West Philippine Sea (WPS).


Matatandaan na noong 2023 ay nauna nang bumili ang AFP ng BrahMos supersonic cruise missile mula sa India. Ang misayl na ito ay kayang tumama sa target na nasa dagat at lupa. Ang BrahMos missile ay ipinakat sa Lubang Island ng Mindoro kasama ang isang instalasyon na iginigiit ng AFP at gubyerno na para sa pag-aaral ng panahon at ibang likas na penomena at hindi sa paniniktik sa WPS.

Liban pa sa BrahMos missile, mayroon ding isang US Typhon missile sa Pilipinas. Inililingid ng AFP sa publiko ang eksaktong lokasyon nito. Nitong Marso, muling dumating sa Pilipinas ang isa pang katulad na misayl sa Pilipinas ng US Indo-Pacific Command.

Sa mga pahayag ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro, dinidiinan ng CPP-NPA-NDF ang panganib na makaladkad ang Pilipinas sa inter-imperyalistang gyera sa pagitan ng US at Tsina na maaring pumutok sa WPS at Indo-Pacific matapos na pumayag ang tutang si Marcos Jr.na maging bahagi ang Pilipinas ng *first island chain* para sa opensa ng US. Kapag naganap, tiyak na damay ang Mindoro dahil sa lapit nito sa pinag-aagawang karagatan at pag-pusisyon sa isla ng BrahMos missile na maaring maging target ng kontra-atake ng kalaban ng US.

BALITA

Mga magsasaka ng sibuyas sa Mindoro, nilulugmok ng patakarang importasyon ng rehimeng Marcos II



Humaharap sa matinding pagkalugi ang mga magsasaka ng sibuyas sa Occidental at Oriental Mindoro bunga ng pagsadsad ng bentahan ng sibuyas nitong Marso. Karaniwang binibili ang sibuyas mula sa mga magsasaka sa halagang ₱25.00 hanggang ₱33.00 lamang kada kilo. Noong 2024 sa parehong buwan, nasa ₱45.00 hanggang ₱55.00 kada kilo ang benta ng sibuyas ng mga magsasakang Mindoreño.

Bumulusok ang *farmgate price* ng sibuyas matapos mag-import ang Department of Agriculture (DA) sa utos ni Marcos Jr ng 3,000 metrikong tonelada (MT) ng pulang sibuyas at 1,000 MT ng puting sibuyas. Sumabay ang malakihang importasyong ito sa panahon ng anihan ng sibuyas sa bansa.

Epekto sa mga magsasakang Mindoreño

Lubhang apektado sa pagsadsad ng presyo ng sibuyas ang mga magsasakang Mindoreño. Ang Occidental Mindoro ang isa sa nangungunang prodyuser ng sibuyas sa buong bansa. Noong 2023, umabot sa 83,000 MT ang kabuuang produksyon ng sibuyas mula sa 3,285 ektaryang taniman.

Sa isang kasong araling isinagawa ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Oriental Mindoro noong 2024, umabot sa higit ₱65,000 ang gastos para sa limang latang binhi ng sibuyas. Dagdag pa rito ang ₱10, 000 halagang upa sa lupa ng mga magsasakang walang sariling lupa at ang interes sa inuutang ng magsasaka para makabili ng *farm inputs* gaya ng abono at iba pang gastusin sa pagtatanim. Sa isa pang kasong aralin noong 2022 sa San Jose, OccMin, umabot sa ₱200,000 ang gastos para sa isang ektaryang sibuyasan. Singbaba ng ₱23.00 hanggang ₱33.00 kada kilo ang bentahan ng sibuyas noong taong ito. Taon-taong nalulugi ang mga magsasaka ng sibuyas dahil sa hindi mabawing gastos sa produksyon.

Dagdag pasakit sa mga

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina...

magsasakang Mindoreño ang muling pagsadsad ng benta ng sibuyas ngayon sa pagkalugi mula sa pinsalang iniwan ng El Niño noong nakaraang taon. Pinalalala pa ito ng pambabarat ng mga ahente at malalaking *trader* sa presyo ng produktong bukid.

Perwisyo sa mga mamimili

Ayon naman sa grupong Samahang Industriya ng Agrikultura (SINAG), bukod sa pagkalugi ng mga lokal na prodyuser *ng sibuyas dahil sa* patakaran ng labis-labis na importasyon ni Marcos Jr., perwisyo rin ang hatid nito sa mga mamimili. Hindi pinapababa ng *oversupply* ng sibuyas ang *retail price* o presyo nito sa palengke sapagkat kontrolado rin naman ng mga dambuhalang trader ang mga imbakan at pagbibiyahe ng sibuyas. Mula sa kontrol na ito, malayang nalalaro ng mga *trader* pabor sa kanila ang presyo ng sibuyas sa mga palengke.

LATHALAIN

Ang mga burukrata-kapitalista at pampulitikang dinastiya sa isla ng Mindoro

Alvarez, Cusi, Dolor, Malaluan, Umali, Villas: ilan ito sa mga apelyidong pamilyar na pamilyar sa mga Mindoreño. Ito ang mga apelyidong nakaladlad ngayon sa mga *poster, tarpaulin* at polyeto at sa araw ng botohan sa Mayo, sa mga balota na ibibigay sa mga Mindoreño. Mula pambansa hanggang lokal na eleksyon, namamayagpag ang mga pampulitikang dinastiya sa Halalan 2025.

Gubyerno para sa negosyo

Mula nang palaganapin ng mananakop na España ang pyudalismo sa buong kapuluan, at nang nakipagsabwatan dito ang mga palasukong rajah at mga datu para itatag una, ang enkomyenda at kalaunan, ay ang mga asyenda, nailatag na ang mga batayan para magkaroon ng mga burukrata-kapitalista at pulitikang dinastiya—mga pamilyang tuta ng mananakop na dayuhan kapalit ay ang pag-aaring lupa at yamang hawak nila at para rin palawakin pa ang yaman at kapangyarihan upang pagharian at apihin ang sambayanang Pilipino. Higit na sinistimatisa ng imperyalismong US ang pagsasanay ng lokal na papet o mga *“brown Americans”* mula ng sakupin nito ang bansa at itatag ang kolonyal na estado mula 1898 hanggang 1940. Nahinog ito sa pagkakatatag ng papet na republika noong 1947 at igawad ang huwad na kalayaan ng Pilipinas. Mula noon hanggang sa kasalukuyan, dominado ng mga burukrata-kapitalista at dinastiyang pampulitika na papet ng imperyalismong US ang Gubyerno ng Republika ng Pilipinas.

Kada tatlo at anim na taon, nagsasalitan ang mga mag-asawa, magkakapatid, mag-ama, mag-ina o iba pang magkamag-anak sa pinakamatataas na pwesto sa pambansa at lokal na pamahalaan. Gamit ang pusisyon sa loob ng papet na gubyerno, ipinapasa ang mga batas, programa, patakaran at proyektong makukurakot at mapagkikitaan ng negosyo ng kani-kanilang angkan at mga kasosyong monopolyo kapitalistang dayuhan. Karaniwang binibigyang katwiran ang mga anti-mamamayang hakbang ng gubyerno gamit ang pangako ng pag-unlad. Ngunit kalauna'y nagiging malinaw na ang kaunlarang ito ay para lamang sa imperyalismong US, mga naghaharing uri, at ang pinakamalaking pag-unlad ay matatamasa ng naghaharing paksyon ng mga burukrata-kapitalista-pampulitikang dinastiya.

Ang dinambong na yaman at kapangyarihan ng mga pampulitikang dinastiya habang nasa pwesto ay siya na ring puhunan para makapanatili sa gubyerno gamit ang maruming eleksyon at pandarahas. Galing sa kaban ng bayan ang pondo ng mga pampulitikang dinastiya sa kampanya sa eleksyon, pagbili ng boto, pandaraya sa bilangan, at pinaka-importante, ang pagbili sa serbisyo't katapatan ng AFP-PNP at pribadong *goons*. Ang pagkakaroon ng pribadong *army* ay mahalaga para sa marahas na pagsupil parehong sa mga kapwa naghaharing uri na kaaway sa pulitika at sa mamamayang tumututol sa kanilang pagpapakatuta sa dayuhan, pagpapasasa sa yaman gamit ang marahas na instrumento ng estado.

Nanunuot ang ganitong kabulukan sa pulitika sa Pilipinas, maging sa



Ilustrasyon mula sa Ang Bayan Tomo LV Blg. 20 (Oktubre 21, 2024)

isla ng Mindoro. Pinangangasiwaan ng mga pampulitikang dinastiya sa Mindoro ang panghihimasok ng mga "proyektong pangkaunlaran" sa mga komunidad ng mga magsasaka at katutubong Mangyan. Pinakamalaking pinagkukunan ng pandarambong ay ang mga proyekto sa obras publikas at ang regular na badyet sa pagpapatakbo ng gubyerno. Karaniwang umaabot sa 40% ng halaga ng mga proyektong ito ang napupunta sa bulsa ng mga burukrata-kapitalista. Ganondin, ang samu't saring proyekto at negosyo tulad ng operasyong mina at kwari, mga proyektong *renewable energy* gaya ng dam at *wind farm* pati na rin proyektong pang-ekoturismo gaya ng Tamaraw Reservation and Expansion Program (TREP) at huwad na *reforestation.* Sangkot ang mga "proyektong pangkaunlaran" na ito sa pang-aagaw sa lupa ng mga magsasaka't katutubo at pangwawasak sa lokal na saribuhay (*biodiversity*) kung saan

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina...

nakasandig ang kabuhayan ng libu-libong Mindoreño. Tampok din ang paggamit sa kapangyarihan ng mga pulitikang dinastiya't burukrata-kapitalista upang paboran, kopohin at tiyakin ang limpak-limpak na tubo ng sariling negosyo ng pamilya laban sa kanilang karibal at sa kapinsalaan ng mamamayan.

Tampok na halimbawa ng paggamit sa pusisyon sa gubyerno para sa negosyo ang resolusyon ng Sangguniang Panlalawigan ni Gob. Humerlito "Bonz" Dolor noong 2022 (SP no. 145-2022) na nagpahintulot sa kwari ng *armor rocks* sa buong Oriental Mindoro. Nariyan din ang resolusyon ng Sangguniang Bayan ni Mayor Ernilo Villas na nag-kumbert sa 17, 500 ektaryang *forestal zone* sa Bulalacao na sumasaklaw sa malawak na lupaing ninuno ng mga Mangyan Hanunuo tungong "*alienable and disposable;*" sa madaling salita, maaaring kamkamin, patituluhan at ariin ang lupaing ninuno na saklaw ng higit 17, 000 ektaryang lupain. Ang parehong resolusyon ay malaking dagok sa buhay at kabuhayan ng mga Mindoreño habang naghahatid naman ng milyun-milyong kita sa negosyo ng mga lokal na naghaharing uri at dayuhan.

Sa Halalan 2025, ang ilan sa mga nangungunang burukrata-kapitalista na mga pampulitikang dinastiya sa Mindoro ay ang mga sumusunod:

1. Montenegro-Constantino: Tumatakbo bilang konsehal ang isang miyembro ng pamilyang Montenegro na bantog sa Abra de Ilog dahil sa matagal na pagpapalit-palit sa pagiging *mayor* ang mag-asawang Eric at Meg Constantino. Kilala ang mga Montonegro na may malaking negosyo sa *shipping* kung saan pag-aari nito ang Montenegro Shipping Lines. Bantog din ang pamilyang ito sa kumikita sa negosyo sa droga at iba pang sindikatong aktibidad gamit ang natural na daluyan ng daungang kontrolado nila.

2. Dolor: Tumatakbo bilang gubernador at bise gubernador ang magkapatid na Bonz at Hubert Dolor. Si Bonz Dolor ang kasalukuyang gubernador ng Oriental. Pangunahing aso ito ng AFP-PNP at NTF-ELCAC sa paglulunsad ng kanilang kontra-rebolusyonaryong kampanya na nagresulta sa paglabag sa karapatang pantao at internasyunal na makataong batas.

3. Villas: Tumatakbo bilang *mayor* at *vice mayor* ng Bulalacao ang mag-asawang Edna at Ernilo Villas. Si Ernilo ang kasalukuyang mayor.

4. Malaluan: Tumatakbo bilang *mayor* ng Bongabong si Mike Malaluan, anak ng kasalukuyang *mayor* na si Elgyn. Pangunahing aso din ang mga Malaluan ng AFP-PNP at NTF-ELCAC sa malawakang iligal na pagpapasuko, panggigipit, pandarahas at sa walang habas na pambobomba at pamamaril laban sa mga katutubo at mamamayan ng Bongabong. Kumikita ito ng malaki sa mga proyekto sa obras publikas gamit ang kanyang kumpanya sa konstruksyon at kwari.

Sa kaibutura'y walang pinag-iba ang isang dinastiya-burukrata-kapitalista sa isa pa kundi apelyido. Mula antas lalawigan hanggang barangay, makikita ang nagbabanggaang interes ng mga pinakamalalaking pampulitikang dinastiya. Saksi ang mamamayang Mindoreño sa marumi at marahas na bangayan para sa dagdag na yaman at kapangyarihan. Ito ang reaksyunaryong eleksyon sa ilalim ng imperyalismong US at burukata kapitalismo--eleksyon sa loob ng gubyerno para lang sa pagpapayaman ng iilan.

Walang maaasahan ang mamamayan sa ilalim ng reaksyunaryong gubyerno, sa eleksyon at iba pang palamuti ng burukrata kapitalismo kundi ibayong kahirapa't pagdurusa. Kung kaya't para sa mamamayang Mindoreño, wala sa mga pampulitikang dinastiya at burukrata-kapitalista ang hinahangad na pagbabago. Ito'y nasa kamay mismo ng sambayanan at mga Mindoreño, nasa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayang magtatatag ng tunay na gubyerno ng mamamayan.

BALITA

Patuloy na nananalanta sa Mindoro ang mga mapandambong at mapangwasak sa kapaligirang mga negosyo't proyekto

Iniinda at inirereklamo ng mamamayang Mindoreño ang patuloy na pag-ooperasyon—at tangkang panghihimasok ng mga negosyo't proyektong "pangkaunlaran" sa isla. Nagkalat ang mga ito sa parehong Occidental at Oriental Mindoro. Kalakhan ay mga *private-public partnership* (PPP) sa pagitan ng gubyerno at mga pribadong kumpanya.

Renewable Energy Projects (REP's)

Alinsunod sa pakitang taong pagpihit ng pandaigdigang kapitalistang sistema "tungong *renewable energy,*" samu't saring proyektong pang-enerhiya ang nais pumasok at makapamayagpag sa hitik-sa-likas na yaman na isla ng Mindoro. Sa balangkas ito ng "Clean Energy Scenario" sa loob ng Energy Plan 2020-2040 ng reaksyunaryong gubyerno na binuo at pinapatupad sa "tulong" ng World Bank.


1. Geothermal plant sa Naujan, OrMin

Pinagmamay-arian ito ng kumpanya mula sa Belgium na kasosyo ng malaking burgesyang kumprador (MBK) na si Manny Villar. May $90 bilyon (o ₱4.5 trilyon) badyet na inilaan sa pagtatayo nito.

Noong 2017, ipinahinto ito dahil diumano'y kulang ang init ng bulkang target ng planta. Ngunit, ayon sa mga residente, nagpatuloy ngayong 2025 ang operasyon nito. Taga-suplay na ito ng kuryente sa operasyong mina sa karatig na mga lugar.

2. Dam sa San Jose at Rizal, OccMin

Ang Lipitan Small Reservoir



Irrigation Project ay PPP sa pagitan ng National Irrigation Administration (NIA) at Japan International Cooperation Agency (JICA) na siyang nagbigay ng ₱6.94 bilyong badyet para rito. Ang panimulang pag-aaral para sa dam ay isinasagawa naman ng Engineering and Development Corporation of the Philippines (EDCOP). Target na matapos ang dam sa 2032. Ang dam ang magsu-suplay ng kuryente sa mining operation ng Pitkin Petroleum Ltd., isang kumpanyang British, sa hangganan ng San Jose at Mansalay at Bongabong sa OrMin.

Nasa 40, 000 na magsasaka't katutubo ang maaapektuhan ng pagpapalayas, pagbaha at iba pang mapaminsalang epekto ng dam.

3. Offshore wind farm sa Bulalacao, OrMin

May dalawang proyekto para sa pagtatayo ng *offshore wind farm* sa 40, 050 ektaryang karagatan ng Bulalacao na inaprubahan ng lokal na pamahalaan. Nariyan ang Wind Turbine Energy Project na hawak ng Singaporean na kumpanyang The Blue Circle kasosyo ang CleanTech Global Renewables, Inc. ng MBK na si Salvador "Aboy" Castro.

Layunin nitong itayo ang 100 *wind turbines* para makalikha ng kabuuang 1, 200 megawatts ng kuryente.

Nasa Bulalacao rin ang pinakamalaking proyektong *wind energy* ng Domhain Earth Corp katuwang ang dayuhang kumpanyang Copenhagen Energy. Saklaw ng proyektong ito ang karagatan ng Bulalacao at Antique. Target nitong makapag-prodyus ng 3, 100 megawatts ng kuryente.

Sa kasalukuyan, walang nakatayo na at gumaganang *offshore wind farm* sa Pilipinas. Maaaring sa Bulalacao ang unang *offshore wind farm* sa bansa. Saklaw ng higit 40, 000 ektaryang karagatan na target ng *wind farm* ang *municipal waters* na pinangingisdaan ng mga mangingisda ng Bulalacao.

Pagtotroso

1. Logging operations sa Naujan

Malawak na kagubatan sa may Ilog Aglubang ang site ng pribadong *logging operations* na pinoprotektahan ng mga sundalo ng 76th Infantry Battalion (IB) at CAFGU. Tinotroso ang lawaan, apitong at iba pang punongkahoy. Ipinupuslit palabas ang mga tabla sa bayan na ng Victoria, OrMin.

Mina, kwari at dredging

Marami sa mga operasyong mina sa isla ay para sa pagkuha ng *carbon, coal* at iba pang panggatong na mapagkukunan ng enerhiya. Ang operasyong kwari naman ay para sa mga bato na kinakailangan sa konstruksyon at iba pang prosesong industriyal

1. Coal at carbon mining sa Bulalacao

Aprubado ng reaksyunaryong gubyerno ang Bulalacao Coal Mining Project at Carbon Mining Project.

Ang Bulalacao Coal Mining Project ay hawak ng Filipinas Systems, Inc. ni Felipe Cruz Jr. Sa Environmental Compliance Certificate (ECC) ng proyektong ito, saklaw ng *project area* ang 450 ektarya sa kabuuang 8, 000 ektarya na pinahihintulutan ng gubyerno na pagkunan ng *coal* sa Brgy. Cambunang. Target nitong makapagmina ng 200, 000 metriko toneladang *coal* kada taon. Ang Brgy. Cambunang ay dating site ng kumpanya sa mina na FFCruz na pinalayas ng mga Mindoreño noong dekada '80. Dito rin nakatayo ang *headquarters* ng 4th IB.

Nagmimina rin ng *coal* ang Semirara Mining Corporation, pagmamay-ari ng David M. Consunji, Inc., sa isla ng Semirara at ang Pitkin sa ilang mga barangay sa Bulalacao.

2. Oil at natural gas mining sa Mindoro Basin

Kabilang dito ang nabanggit na mining operation ng Pitkin sa mabubundok na bahagi ng hangganan ng San Jose, Bongabong at Mansalay. Ang Pitkin ang kumpanyang unang nakatuklas ng mayamang deposito ng langis at *natural gas* sa Mindoro Basin noong 1981 at 1994. Ang Northwest Mindoro Basin ay matatagpuan sa mga bayan ng Sablayan, Sta. Cruz at Mamburao sa OccMin. Ang South Mindoro Basin naman ay sumasaklaw sa buong timog Occidental hanggang Roxas at buong Oriental.

May 14 na aplikasyon para sa pagmimina ng *natural gas* ng Mindoro ang nakasampa sa Department of Energy. 476, 190

ektarya o 46% ng lupain ng Mindoro ang target ng mga aplikasyong ito.

3. Kwari ng armor rocks sa OrMin
Alinsunod sa Sangguniang Panlalawigan 145-2022 na ipinasa ni Gob. Humerlito "Bonz" Dolor, pinahihintulutan ang pag-kwari ng mga *armor* sa buong OrMin sa kabila ng *moratorium* sa mina sa prubinsya. Ayon kay Dolor, hindi labag sa *moratorium* ang pagpapahintulot ng kanyang pamahalaan sa kwari ng *armor rocks* dahil ang mga ito naman ay nasa ibabaw ng lupa at hindi kailangang hukayin.

Maaasahang darami pa ang mga operasyon ng mina at kwari sa isla matapos itakda ang MIMAROPA na pinakamalaking pagkukunan ng *mining* at *quarrying outputs* para sa planong pangkaunlaran ni Marcos Jr. para sa 2023-2028.

4. Dredging sa Mamburao
Naglulunsad ng *dredging operations* ang kumpanyang PERRC Construction and Development Company sa tabing dagat ng Brgy. Talabaan. Tahasang di sinunod ng PERRC ang pagtatakda sa bukana ng Ilog Pagbahan bilang *dredging site.*

Dahil sa paghuhukay at pagkakarga ng buhangin ng malalaking barko sa may baybayin, apektado ang kabuhayan ng mga mangingisda. Pansamantalang napatigil ang operasyon nang magsampa ng reklamo ang mga residente nitong Pebrero lamang ngunit maari pa rin itong magpatuloy anumang oras hanggat pinahihintulutan ng lokal na pamahalaan.

BANTAY KARAPATAN
Largadong teroristang kampanya ng 203rd Brigade at PNP MIMAROPA, ipinambungad sa 2025

Pagpapakahusay sa terorismo—ito ang pambukas ng mga berdugong AFP-PNP-CAFGU sa Mindoro para sa taong 2025. Ang masinsin, malawak at walang tigil na mga operasyon mula Enero hanggang Marso ay ang paunang pihit ng kontra-rebolusyonaryong digma ng rehimeng US-Marcos II sa isla na tiyak na iigting pa sa susunod na mga buwan. Ngayon pa lamang, daan-daang Mindoreño na ang naitatala bilang bagong biktima ng malawakang paglabag sa karapatang tao.

PAGPATAY | Pinaslang ng mga pasista ang isang residente mula sa So. Kolitob, Brgy. Balugo,Mansalay, Oriental, nitong Marso 14. Bilang bahagi na ng kanilang SOP pang-saywar, pinalalabas ng mga sundalo na mga kasapi ng BHB na napatay sa gawa-gawang engkwentro ang biktima nilang sibilyan.

ISTRAPING AT PAMBOBOMBA | Inistraping mula sa ere ng 76th IB ang Brgy. Tagumpay sa Pola, OrMin matapos ang labanan na naganap noong Pebrero 19.
Inistraping at binomba rin mula sa ere ang Panaytayan noong Marso 1. Pagkatapos ay sapilitang pinalikas ang mga residente ng apat na sityong pinokusan ng operasyon ng 4th IB. Pinalalabas ng 4th IB na may labanang naganap sa So. Lomboy noong araw na iyon na pinasubalian ng BHB Mindoro. Daan-daan hanggang libo ang Mangyang biktima ng terorismong ito. Hindi pa maalis ang grabeng takot at ligalig sa mga biktima at komunidad na pati ang pagtatrabaho't paghahanda sa kaingin sa panahong ito ng tag-init para mataniman sa panahon ng tag-ulan ay hindi na magawa.
Ang pagpapamalas ng 203rd Brigade ng mga abanteng kagamitang pandigma nito, sa anyo ng pagpapaputok at pambobomba na tumatarget sa mga sibilyan at sa kanilang ari-arian at kabuhayan ay naglalayong ikintal sa masa ang matinding takot sa mistulang walang hanggang lakas ng AFP.

PAGKAKAMPO AT MILITARISASYON | Sa Occidental Mindoro, kinampuhan ng mga yunit pang-RCSPO ang mismong sentro ng mga sityo ng So. Basa, Brgy. Paclolo, Kalbong (Enero), Brgy. Purnaga sa Magsaysay; So. Hubkob (Pebrero) at So. Dolis (Nobyembre 2024 hanggang Pebrero) ng Brgy. Monteclaro at So. Yabat (pabalik-balik na RCSPO mula Nobyembre 2024), Brgy. Naibuan, parehong sa San Jose.
Sa isang sityo ng Brgy. Monteclaro, inireklamo ng mga residente ang mga nakahimpil na sundalo dahil sa paghuhukay ng trensera. Bilang tugon, nagdagdag ang militar ng isa pang kolum na nag-operasyon din sa karatig na mga sityo.

Sa Oriental naman, dalawang platun pang-RCSPO ang ipinakat sa Brgy. Guinobatan, Calapan City noong Pebrero. Patuloy na nakararanas ang samahan ng mga magsasakang nagtatanggol sa kanilang lupa sa Guinobatan ng pananakot mula sa militar.

Sa pag-deklara naman ng *red alert status* sa mga sityo at barangay na malapit sa pinaglabanan noong Pebrero 19 sa Brgy. Tagumpay, Pola, ipinataw ang batas militar sa mga lugar na ito. Nagpataw ang AFP ng *curfew* at iba pang pag-kontrol at pag-limita sa kilos ng mga residente gaya ng pagpapa-suspinde ng pasok sa mga eskwelahan at pagbabawal sa paglalayag ng mga mangingisda sa mga naturang lugar.

Samantala, tagumpay na napigilan ng mga residente ng Brgy. Malisbong, Sablayan, OccMin, ang tangkang pagtatayo ng kampo sa kanilang barangay.

PAMBABANTA, HARASMENT AT PANANAKOT | Mahigpit na inirereklamo ng mga residente ng dalawang sityo sa Brgy. Monteclaro ang panggigipit ng mga sundalo sa pamunuan ng sityo. Pilit silang pinapaamin na may ugnayan sa BHB at na sila ang nagtaguyod sa yunit ng Hukbo na humimpil sa pwestong natagpuan ng mga sundalo noong Nobyembre 2024.

Sa kasagsagan at pagkatapos

ng *fact-finding mission* na inilunsad ng mga grupo sa karapatang tao noong Pebrero 25 hanggang Marso 1, di nilubayan ng mga pasista, kabilang ang ahenteng paniktik ng estado, ang mga lumahok dito. Nariyan ang insidente ng pagsunod sa *fact-finding team* ng sasakyan ng pulis, patagong pagkuha ng litrato at maski panghihila ng braso ng isang miyembro ng *team*. Patuloy ring nakararanas ng intimidasyon at pagmamanman ang mga Mindoreñong lumahok at sumuporta sa *fact-finding mission.*

Matapos ang labanan sa So. Tignuan, Brgy. Teresita, Mansalay, apat na residente ng Tignuan ang pinatawag sa kampo upang interogahin. Binabalik-balikan din ng mga sundalo ang ilang mga residente ng Tignuan at kalapit na sityo upang pagbantaang sila'y gagantihan ng mga sundalo sakaling magkaroon muli ng labanan o mapatunayang may ugnayan sila sa BHB.

PAMIMILIT | Sapilitang binuo ng mga sundalo ang 11 kabataan ng Brgy. Naibuan sa isang grupong tagaigib nila. Dahil labag din ito sa loob ng masa, mayroon sa kanilang umalis na sa sityo, nakitira sa kamag-anak at doon na naghanap ng trabaho.

Isang masa naman ang sapilitang pinaggiya ng mga sundalo ng 4th IB noong Pebrero 11 sa kanilang *strike operation* laban sa isang yunit ng BHB sa Tignuan. Nagpanggap na mga kasapi ng BHB ang mga sundalo at tahasang isinapanganib ang buhay ng masa nang isama ito sa operasyon at sa sumunod na labanan. Pagkatapos ay inilagay ng mga sundalo ang masa sa sako at dinala sa kampo.

ILIGAL NA PAG-ARESTO AT DETENSYON | Iligal na dinetene, ininteroga at tinakot sa loob ng 14 oras ng isang platun ng nag-ooperasyong pwersa ng 4th IB ang anim na katutubong Mangyan na napadaan sa nakahimpil na mga pasistang nag-ooperasyon sa Brgy. Panaytayan. Napag-alamang mga taga-sityo Bonwang, Panaytayan, Mansalay at Brgy. Nasucob, Bulalacao, Oriental Mindoro ang mga biktima. Pinabayaang magutom at mabasa sa ulan ang anim na biktima, ni hindi pinagpalit ang mga ito ng damit kaya nagkasakit ang ilan sa kanila pagkatapos.

ILIGAL NA PANGHAHALUGHOG | Noong Pebrero 10 ay pinasok ng mga sundalo ang bahay ng isang residente ng Brgy. Panaytayan. Hinalughog nang walang *search warrant* ang bahay bago kinumpiska ng mga sundalo ang *cellphone* at iba pang personal na gamit ng biktima.

Noong Pebrero 20 naman ay hinalughog ng 76th IB ang lahat ng bahay sa isa sa mga sityo sa Pola na ipinailalim sa *red alert status.* Naiulat na napinsala ang ilang ari-arian ng mga masa sa panghahalughog ng mga sundalo.

PAMBUBUGBOG | Dalawang residente ng Brgy. Paclolo ang binugbog ng mga nag-ooperasyong sundalo noong Pebrero. Pilit silang pinapaamin na *"supporter"* ng BHB. Isa sa dalawang biktima ay binugbog para pilitin siyang aminin na ang bigas na "pinandulot" ng kanyang pamilya ay pang-suporta sa BHB. Tinulak pa ang biktima sa isang bangin.

Komon na reklamo ng mga masa sa interyor ng Magsaysay at San Jose na inaabot ng operasyon ng militar, ay pinag-iinitan ng mga sundalo ang mga nakikita nitong bumibili ng lima o sampung kilong bigas (**BLOKEYO SA PAGKAIN**); perwisyo ito sa masa laluna't laganap ngayon ang "dulot" sa mga bukal, isang ritwal ng mga Mangyan-Hanunuo para hindi matuyo ang kanilang mga pinagkukunan ng tubig, "pamalaye-an" at dagyawan sa pagkakaingin kaya sadyang maraming bumibili ng bigas. Ayon sa mga sundalo, huwag na raw bumili ng bigas at marami namang kamote at nami sa bundok.

KARAHASAN SA KABABAIHAN AT BATA | Ang mga sundalong nagkampo sa mga nabanggit na sityo ng Naibuan ay harap-harapang nambabastos sa kababaihan. Nagpaparinig sila sa publiko na mayaman daw siguro ang kababaihan ng mga nasabing sityo dahil ayaw makipagtalik ng mga ito kapalit ng pera. Nagpapahayag din ng galit ang mga sundalo dahil di kusang lumalapit sa kanila ang mga babae upang makipagtalik.

Sa So. Mantay, Monteclaro, pinauso ng mga sundalo ang terminong "hugas taya" na nangangahulugang pakikipagtalik kapalit ng pera. Kapag nagtanong ang mga ng sundalo ng "Sino ang gustong maghugas ng taya?" ay naghahanap ang mga ito ng babaeng magpapabayad kapalit ng pakikipagtalik.

Isang tatlong buwang sanggol na pinalalabas ng mga sundalo na anak ng isang mandirigma ng BHB ang tinangkang dukutin ng mga sundalo nitong Pebrero. Labis na takot at pangamba ang idinulot nito sa mga magulang ng bata.



Bakit desperado at pursigidong durugin ng reaksyunaryong estado ang NPA gamit ang AFP at PNP?

Nagkakandabuhol-buhol ang dila ng mga tagapagsalita ng AFP at PNP sa paglulubid ng kasinungalingang 88 diumano sa kabuuang 89 na larangang gerilya sa buong bansa ang kanila nang nabuwag.

Buong kahambugan nilang idinedeklara na isang mahinang larangang gerilya na lamang ang natitira sa buong bansa at wala ng kakayahan ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) na tupdin ang mga tungkulin nito bilang hukbong bayan. Kalaunan, binanggit ng AFP na ang nag-

iisang larangang gerilyang ito ay matatagpuan na lamang sa Kabikulan. Nakakatawang masaksihan paano pinasisinungalingan ng bawat labanan sa iba't ibang rehiyon ang deklarasyon ni Gen. Romeo Brawner ng AFP. Pinag-ibayo ng reaksyunaryong gubyerno ang kumbinasyon ng masisinsin at sustenidong focused military operations (FMO), Retooled (Mobile) Community Support Program Operations (RCSPO), kampanyang saywar at operasyong paniktik ng AFP at PNP sa mahigit 70 probinsya sa buong bansa. Milyun-milyong piso ang winawaldas ng AFP-PNP sa largado at walang humpay na pagpapalipad ng kanilang mga *helicopter, drones* at eroplano upang tugisin ang mga diumano'y natitirang yunit at "base ng NPA."

Hindi ba't nakakapagtaka at kaduda-duda ang mga pahayag ng AFP? Bakit habang panay ang satsat nilang mahina at wala ng kakayahan ang BHB na kumikilos sa isang larangang gerilya na lamang, walang patlang pa rin ang pagtugis sa mga yunit ng BHB?

Sa Mindoro, hindi na bago ang pagyayabang ng AFP at PNP na malapit na nilang matalo ang BHB sa isla. Nariyan ang ipinagkakalat na "kasya na lamang sa isang tricycle ang NPA sa Mindoro" o kaya naman ay meron na lamang pitong natitirang Pulang mandirigma ang Mindoro na anila'y demoralisado na dahil sa kawalan ng matinong pagkain at itinatakwil na ng masa.

Para engrandeng patotohanan ang kanilang kahambugan, sari-saring deklarasyon ang ginawa sa iba't ibang mga bayan sa isla. Sing-aga ng 2014 ideneklara ng 203rd Brigade na "Conflict Manageable and Ready for Development" ang Oriental Mindoro at kalauna'y ang Occidental. Nito namang 2023-2024, binraso ng AFP at NTF-ELCAC ang mga lokal na pamahalaan ng mga bayan ng Mindoro na mag-deklara ng "State of Stable Internal Peace and Security" at



pagiging "*insurgency free.*" Hindi ba't nakakagulo din ang deklarasyon ni Gen. Antonio Parlade noong 2021 na *"eye of the storm"* ang Mindoro—na ang ibig sabihi'y sentro ng kontra-rebolusyonaryong digma ng AFP sa buong bansa ang isla. Noong 2022, ipinakat sa Mindoro ang buong panagupang batalyon ng 68th IB bilang karagdagan sa dati nang nakapakat na 4th at 76th IB sa isla. Idinagdag din ang isang batalyong Special Force ng PNP--ang 10th Special Action Batallion (SAB). Nitong Nobyembre 2024, idinagdag pa ang buong batalyon ng 1st IB habang nitong 2025 ipinakat sa isla ang 15th Scout Ranger Company (SRC). Kung pagsasama-samahin, aabot na sa sampu at kalahating batalyon ng AFP-PNP-CAFGU, katumbas ng higit sa 3, 000-5, 000 tauhan, ang nakapakat sa isla para sa kontra-insurhensyang programa ng reaksyunaryong gubyerno.

Higit ding pinalakas ng 203rd Brigade ang armas pandigma nito. Liban sa mga tangke, kanyon, mortar, mga baril at bala, dinagdagan din ang sasakyang panghimpapawid at pang-sarbeylans. Kabilang dito ang dalawang Blackhawk helicopter at isang Cobra helicopter ng 203rd Brigade at Sikorsky helicopter ng PNP. Higit ding pinarami ang Hermes drones at mga katulad para sa sarbeylans.

Kung talagang mahina na ang CPP-NPA-NDF sa Mindoro, bakit labis-labis ang pwersa at rekursong ginagamit laban sa rebolusyonaryong kilusan?

Ang buong kalupaan ng isla ng Mindoro—Occidental man o Oriental, bundok man o kapatagan, lupang sakahan man ng mga di katutubo o lupang ninuno ng mga Mangyan—pati na rin ang katubigan ay pinaglalawayan ng naghaharing uri. Patunay rito ang kabi-kabilang aplikasyon, eksplorasyon, at operasyon ng mina at kwari sa lahat ng mayor na ilog at dagat sa Mindoro, mga logging *concession*, malalaking proyektong imprastruktura sa ilalim ng Build Better More, *renewable energy projects* (REP's) kagaya ng mga dambuhalang dam, *wind farm, geothermal energy* at iba pang katulad. Nariyan din ang mga proyektong ekoturismo, pagbabalik-pastuhan at naglalakihang mga negosyo't ari arian na pawang pinagkakainteresan at pinagmamay-arian ng mga naghaharing uri. Kakabit ng mga dambuhalang negosyo at proyektong ito, kinakailangang ideklara ng 203rd Brigade, PNP MIMAROPA at lokal na pamahalaan na wala nang BHB na magiging sagabal sa "kaunlarang" nanghihimasok sa Mindoro.

Itinakda ng gubyerno ni Ferdinand Marcos Jr. ang MIMAROPA bilang pinakamalaking mapaglulunsaran ng operasyong mina at kwari. Kaya't kapansin-pansin sa Mindoro ang pagdami't pagsinsin ng mga kampo militar at RCSPO maging sa mga interyor na baryo ng mga katutubong Mangyan. Ang militarisasyon ay hudyat ng pagpasok ng mga dambuhala at mapangwasak na mga proyekto at negosyo.

Halimbawa, kinampuhan ang mga sityo ng Mantay at Ibanig sa

Brgy. Monteclaro, San Jose, Occidental kung saan matatagpuan ang mina ng natural gas at ilog ng Kayakyan na tinatayuan ngayon ng dam ng mismong Department of Environment and Natural Resources (DENR). Sa Brgy. Villa Cerveza, Victoria, Oriental at hulo ng ilog Amnay saklaw ng Brgy. Pag-asa, Sablayan, Occidental, nakatayo din ang mga kampo kung saan nakatakdang magmina ng *nickel* ang Intex Resources, isang dayuhang kumpanya. Sa napakaliit na bayan ng Bulalacao, Oriental, estratehikong nakapakat ang 4th IB Headquarters sa FF Cruz, Brgy. Cambunang kung nasaan ang mayamang deposito ng mina ng carbon. Dati nang minahan ito ng kumpanyang FF Cruz noon pang dekada '80 bago pinalayas ng mamamayang Mindoreño ang kumpanya. Matagal nang pinayagan ng reaksyunaryong gubyerno ang Bulalacao Coal Mining Project sa bayang ito. Katunaya'y nag-isyu ang DENR ng Environment Compliance Certificate bilang pag-apruba. Nasa Bulalacao rin ang santambak na aplikasyon ng mina ng mga dambuhalang korporasyon kagaya ng Pitkin Petroleum Limited at David M. Consunji Inc. (DMCI) at ng *renewable energy* kagaya ng Domhain Earth Corp. na humahawak sa 3, 100 MW *offshore wind project*, gayundin ang CleanTech Global Renewables at The Blue Circle. Nagsisilbing tagasalubong sa mga negosyong ito ang tatlo pang kampo militar at iilang RCSPO sa Bulalacao.

Matalas nating masusuri ngayon bakit pikon na pikon ang 203rd Brigade at PNP MIMAROPA sa sunod-sunod na mga labanang naganap nitong Pebrero sa kabila ng deklarasyong *insurgency free* ang isla. Apat ang labanang naganap sa loob lamang ng isang linggo. Sa lahat ng labanan, epektibong nakapag-depensa ang mga yunit ng BHB. Nagdulot ito ng laking seksyong kaswalti sa kaaway kung saan tinatayang siyam ang patay at siyam ang sugatan. Dagdag pang ikinabahala ng naghaharing uri ang malawak at masaklaw na inaabot ngayon ng BHB sa iba't ibang bayan sa isla. Patunay ito ng pagpupunyagi ng mga yunit ng BHB na higit na palawakin ang gawaing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masang Mindoreño para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Demokratikong rebolusyon ng sambayanan

Ang digmaang nagaganap sa Pilipinas ay hindi lamang laban sa pagitan ng BHB at AFP-PNP. Sa pinakaubod, ito'y marahas na salpukan ng interes at mithiin ng naghaharing uri at lahat ng aping mamamayan. Ang BHB at AFP-PNP ang pinakalitaw na bahagi ng labanang ito pagkat ang parehong grupo ay nag-aarmas upang magtanggol sa dalawang nagtutunggaliang uri. Ang AFP-PNP ang bayarang hukbo ng mapagsamantala at mapang-aping imperyalismong US, malaking burgesya kumprador at panginoong maylupa. Ang AFP-PNP-CAFGU ay nagsisilbing goons at private army pa nga ng mga mapagsamantalang uri. Ang Hukbong Bayan naman ang tagapagtanggol ng mamamayang naghihirap at pinagsasamantalahan, laluna ng mga magsasaka at katutubong inaagawan ng lupa at biktima ng napakalalang pyudal at malapyudal na pagsasamantala.

Pinatunayan ng mahabang rebolusyonaryong kasaysayan ng isla kung paanong ipinagtanggol ng BHB ang kapakanan ng masang Mindoreño. Mula panahon ng pagpupundar noong maagang bahagi ng dekada '70 hanggang sa kasalukuyan, pinakamaaasahang katuwang ng masang Mindoreño ang Hukbong Bayan sa pakikibaka para sa lupa, karapatan at iba pa nilang kahilingan. Mula sa paglaban sa pagpapatanim ng reaksyunaryong gubyerno ng cassava at ipil-ipil na sa totoo'y pang-aagaw ng lupa ng mga magsasaka at katutubong Mangyan, paglalansag ng libo-libong ektaryang mga pastuhan, paglutas sa talamak na nakawan ng kalabaw at iba pang malalaking hayop, pagpapalayas at pagparalisa sa mga minahan at REP's na nangwawasak sa lupa at kapaligiran, pakikibaka sa pagpapataas sahod ng manggagawang bukid, hanggang sa paglutas ng mga simple't kumplikadong suliranin ng masa, nariyan ang Hukbong Bayan kasama ng masa.

Ang preserbasyon at tuloy-tuloy na pagpupunyaging makapagpalawak at makapagpanibagong sigla ang BHB at armadong pakikibaka sa harap ng halos isang dekada ng pinaigting na kampanyang supresyon sa bansa at sa Mindoro ay malaking banta ngayon sa naghaharing uring pinaglilingkuran ng AFP at PNP. Nagdudumilat ang katotohanan kung bakit nais lipulin ng reaksyunaryong estado sa pamamagitan ng AFP at PNP ang hukbo ng mamamayan: ito'y upang tanggalin ang pinakamalaking sagabal sa pang-ekonomya at pampulitikang interes ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing uri sa buong bansa. Pinapalabas na mga terorista at kontra-kaunlaran at kapayapaan ang CPP-NPA-NDF sa itim at nakalalasong propaganda ng AFP at PNP sapagkat para sa naghaharing uri katakot-takot nga naman talaga ang pagtupad ng Hukbong Bayan sa kataas-taasang tungkulin nitong paglingkuran ang lahat ng api. Kabilang sa pagtupad ng tungkulin ito ang pagtatanggol laban sa kontra-mamamayan, pahirap at mapangwasak na mga proyekto, programa at negosyo ng naghaharing uri na totoong nangangailangan ng rebolusyonaryong dahas.

Itinatakda ng kasaysayan at batas ng pagbabago ng lipunan ang di maitatangging katotohanan: Tanging ang pambansa demokratikong rebolusyong pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas na



Sa loob ng 56 na taon, binigo ng BHB ang tangkang pandudurog ng lahat ng nagdaang rehimen.

isinusulong ng mamamayan sa pamamagitan ng Hukbong Bayan at ng Pambansang Nagkakaisang Prente ang magluluwal ng mga batayan para sa pagwawakas sa kahirapan. Tanging ang pagsusulong ng pambansang demokrasyang may sosyalistang perspektiba ang magkakaloob sa sambayanan ng pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa habang tinitiyak na napapangalagaan ang kalikasan at kolektibo itong pakikinabangan ng mamamayan. Bilang hukbo ng mamamayan, handa at mulat ang mga kumander at mandirigma ng BHB na mag-sakripisyo at harapin ang mga kahirapan. Handa at laging naghahanda ang mga kasapi ng BHB na magbuwis ng buhay alang-alang sa paglilingkod sa sambayanan hanggang makamit ang lipunang malaya, demokratiko at masagana.


KOMIKS















KULTURA

Walang pamagat
(watercolor)
ni Ka Uway



Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.

Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:

alabngdigmamindoro@gmail.com

@alabngdigmamindoro

Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph